# PATNUBAY SA AVIAN INFLUENZA PARA SA MGA MANGGAGAWA SA POULTRY




## Ano ang Avian Influenza (H5N1)?

Ang H5N1 ay isang virus na puwedeng magdulot ng sakit na tinatawag na avian influenza o "bird flu." Bagaman bihira lang ito, puwedeng magkasakit ang mga tao ng bird flu kapag nadikit sila sa mga ibon o hayop na may impeksiyon, sa mga likido sa katawan ng mga ito, dumi, o sa kapaligiran ng mga ito.

### Paano Mapoprotektahan ng mga Manggagawa sa Poultry ang Kanilang mga Sarili:

1. Magsuot ng pamprotektang damit kapag nagtatrabaho nang may mga maysakit o patay na ibon o sa kapaligiran ng mga ito. Dapat ibigay ng iyong employer ang kagamitang ito.




2. Maghugas ng kamay sa kabuoan ng araw, pagkatanggal ng pamprotektang damit, at bago kumain o uminom.



3. Maligo kapag tapos na ang iyong shift sa trabaho at iwan ang lahat ng kontaminadong damit at kagamitan sa trabaho.



## Puwedeng kasama sa mga sintomas ng Avian Influenza sa mga tao ang:

- Lagnat o panginginig
- Pananakit ng lalamunan
- Problema sa paghinga
- Pagluluha, pamumula, o pangangati ng mata
- Pananakit ng ulo
- Pananakit ng kalamnan o katawan
- Pagtatae
- Ubo
- Sinisipon o baradong ilong
- Pagsusuka

## Ano ang gagawin kung nalantad ka o masama ang iyong pakiramdam:

- Kung nadikit ka sa mga ibon o hayop na may impeksiyon ng H5N1 virus o sa kapaligiran ng mga ito, dapat mong subaybayan ang iyong sarili kung magkakaroon ka ng sintomas sa panahon ng pagkakadikit at sa loob ng 10 araw pagkatapos ng kontak.
- Kung masama ang iyong pakiramdam at mayroon kang mga sintomas ng bird flu, dapat kang humiwalay sa ibang tao at agad na makipag-ugnayan sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan (i-scan ang QR code para sa karagdagang impormasyon) o tumawag 206-418-5500.

**I-scan para mahanap ang iyong lokal na tanggapan ng kalusugan**

## Iba pang impormasyon:

Para sa mga tanong tungkol sa bird flu o kung paano magpasuri:

- Tawagan ang Washington State Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington) sa 1-800-525-0127 o bisitahin ang doh.wa.gov/avian-influenza

Para sa mga tanong tungkol sa mga maysakit o patay na hayop sa bukid:

- Makipag-ugnayan sa iyong beterinaryo sa bukid.

WSDA

Washington State Department of HEALTH

DOH 420-669, April 2025. Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa doh.information@doh.wa.gov.

# MAPAGKUKUNAN NG TULONG PARA SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP

## Makakuha ng Suporta

Puwedeng magdulot ng stress ang mga emergency sa kalusugan ng hayop. Kung may mapansin kang pagbabago sa iyong mga emosyon, pag-uugali, o kakayahang umunawa, o kung mapansin mong mas nahihirapan kang alagaan ang iyong sarili, pamilya, o mga hayop, pag-isipang lumapit kaagad sa isang kaibigan, miyembro ng kaparian, o tagapagbigay ng serbisyong medikal. **Kung posibleng may hatid na banta sa buhay ang sitwasyon, kumuha ng agarang tulong pang-emergency sa pamamagitan ng pag-dial sa 9-1-1.**

Kung nakararanas ka ng mga sintomas ng depresyon, napapaisip magpatiwakal, o kailangan mo lang ng makakausap, tumawag, mag-text, o mag-chat sa 988 upang makipag-ugnayan sa 988 Suicide & Crisis Lifeline. Ang 988 Lifeline ay kumpidensiyal, libre, at bukas nang 24/7/365.

## Iba pang mapagkukunan ng tulong:

### Farm Aid

Iniuugnay ng Farm Aid ang mga magsasaka sa mga kapaki-pakinabang na serbisyo at mapagkukunan ng tulong. Sagutan ang form para sa Online na Paghiling ng Tulong (QR code). Upang humingi ng tulong, tawagan ang Hotline para sa mga Magsasaka Lunes-Biyernes 9 a.m. hanggang 10 p.m. Eastern time: 1-800-FARM-AID (1-800-327-6243) o mag-email sa farmhelp@farmaid.org.

### Western Regional Agricultural Stress Assistance Program (WRASAP):

Ang Western Regional Agricultural Stress Assistance Program (WRASAP, Programa ng Tulong sa Stress sa Agrikultura sa Kanlurang Rehiyon) ay isang grupo ng mga organisasyon at miyembro ng komunidad sa buong Kanlurang rehiyon na nagbibigay ng suporta, mapagkukunan ng tulong, at pagkakataon sa pagpopondo sa mga komunidad sa agrikultura kasama na ang mga magsasaka, rantsero, magbubukid, at ang kanilang mga pamilya. Upang kumonekta sa mga serbisyo ng WRASAP sa iyong lugar, sagutan ang contact form (QR code).

# KOMPENSASYON PARA SA MGA MANGGAGAWA AT MAY BAYAD NA SICK LEAVE (PAGLIBAN SA TRABAHO DAHIL SA PAGKAKASAKIT):

Maaaring karapat-dapat ang mga empleyado na makatanggap ng mga benepisyo ng kompensasyon para sa mga manggagawa para sa pagpapasuri at pagpapagamot kung ang kanilang aktibidad na may kinalaman sa trabaho ay nagresulta sa kanilang pagkakalantad sa bird flu. Maaaring karapat-dapat din sila para sa mawawalang panahon para sa pagpapagaling kung hindi nila magagampanan ang kanilang regular na trabaho sa loob ng mahigit tatlong araw dahil sa isang kondisyong may kinalaman sa trabaho. Ang mga manggagawang naniniwalang maaaring nahawahan sila ng bird flu dahil sa mga aktibidad sa trabaho ay puwedeng maghain ng claim para sa kompensasyon para sa mga manggagawa upang maisaalang-alang sa Department of Labor and Industries (Kagawaran ng Paggawa at mga Industriya). Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa 800-547-8367 (en español 360-902-5800) o bisitahin ang LNI.wa.gov.

Bukod pa sa mga benepisyong ito ng kompensasyon para sa mga manggagawa, ang mga employer sa Estado ng Washington ay dapat ding magbigay sa mga empleyado ng may bayad na sick leave. Puwedeng gamitin ng mga manggagawa ang nakuha nilang may bayad na sick leave upang masaklaw ang panahong nawala sa kanila dahil sa pagpapasuri, pagpapagamot, pangangalagang medikal upang makaiwas sa sakit, at pagpapagaling mula sa bird flu.

**Maiikling kaalaman tungkol sa 988 suicide crisis and lifeline**

**Paghiling ng tulong sa Farm Aid**

**Contact form ng WRASAP**

**Impormasyon tungkol sa batas para sa may bayad na sick leave**

WSDA

Washington State Department of HEALTH

DOH 420-669, April 2025. Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa doh.information@doh.wa.gov.